

PROLOGUE

Isa, dalawa, tatlo, apat, lima.

Limang zero ang nabilang ni Tanya bago ang handwritten number one. Isang daang libo. Iyon ang halagang nakahain ngayon sa harap niya. Isang bagong pilas at malutong na tsekeng hindi marunong magsalita, pero ipinagsisigawang isa siyang hampas-lupang mabibili ng pera.

“P-para saan po ’yan?” tanong niya kahit pinanginginig na ng inis ang kalamnan niya sa naiisip na sagot.

“Ikakasal na si Theo,” wika ni Bernadette, hindi pansin ang pang-uusisa niya.

Agad na kumunot ang noo niya. “Ano po?”

“S’abi ko ikakasal na si Theo,” malupit nitong ulit, nasa tono ang pagkayamot sa kanilang usapan samantalang ito ang tumawag sa kanya para makipagkita. “Kaya tantanan mo na siya. Ayan ang pera. Lubayan mo na ang anak ko.”

“Pero imposible ang sinasabi ninyo. Si Theo, magpapakasal sa iba?” Bakas sa kanyang di-

maipintang mukha ang pagtataka. Gusto na niyang lumingon sa paligid at baka may mahagilap siyang hidden camera. Baka nga naman na-*Wow Mali* lang siya.

“Bakit? Iniisip mo bang sa ’yo siya mapupunta? Magsikap ka nga kung gusto mong umunlad sa buhay! Hindi iyong nanglalandi ka ng taong may pera. Hindi tanga ang anak ko para seryosohin ang isang tulad mo.”

Tulad ko?

Kung hindi lang nanunuyo ang kanyang lalamunan ay baka naitanong ni Tanya sa kausap kung ano ang ibig nitong sabihin sa ‘tulad niya’.

Walang imik na nilayasan siya ng ginang. Naiwan siyang mag-isa sa mesa, kaharap ang kalahating bawas na tasa ng kape at ang tahimik na tseke.

Mukha akong pera.

Naisip niyang iyon ang gustong palabasin ni Bernadette.

Para patunayan kahit man lang sa kanyang sarili na mali ito, dinampot niya ang tseke at pinunit nang paulit-ulit sa kung ilang maliliit na piraso.

Nanginginig ang katawan niya habang pinipigilan

Three Months Later - Amber Francisco

ang pagdaloy ng luha mula sa kanyang mga mata. Lumunok siya, kinalma ang sarili saka tumayo.

Nakatungo, nagmamadali siyang naglakad palabas ng coffee shop. Ilang hakbang na lang mula sa kanya ang saradong pinto. Salamin iyon kaya kita niya ang dalawang taong tila nagtatalo sa labas; isang babae at isang lalaki. Mukhang may LQ. Pero wala siyang pakialam. Lalong wala siyang oras na manood, kaya itinuloy na niya ang paghakbang.

“Tantanan mo na ’ko.”

Agad siyang natigilan nang marinig ang tinuran ng babae paglabas niya ng pinto. Parang iyon lang ang sinabi ni Bernadette sa kanya. Tantanan niya na raw si Theo.

“Hindi na kita mahal,” patuloy ng magandang binibini. “Kaya pabayaang mo na ’ko. Kung talagang mahal mo ’ko, ibibigay mo sa ’kin ang kalayaan ko.”

“Pero, Michelle...” awat ng umiiling pang lalaki.

Kahit sa ilang hakbang nilang distanya ay kita ni Tanya ang pangngilid ng luha ng estranghero. Tinangka pa nitong kunin ang kamay ng kaharap, pero mabilis nakaiwas ang huli.

“Tama na,” pakiusap ng babae. “Just let me go.”

Hindi na nito hinintay ang sasabihin ng binata. Agad itong tumalikod saka nagsimulang maglakad palayo.

Ni wala siyang balak na manood, ano pa ang makialam. Pero nang makita niya ang determinasyon sa mga mata ng binata, bigla siyang napahakbang. Mabilis. Mas mabilis pa sa naging tangka nitong paghabol sa babaeng halos tumakbo na, makalayo lang dito.

Hinawakan niya ang kamay ng lalaki para pigilan. Sakto sa pagharap nito sa kanya ay isang sampal ang pinadapo niya sa makinis nitong mukha.

“Anong—”

“Tanga ka ba?” sigaw niya bago pa man nito matapos ang ibabatong tanong. “Gumising ka nga! Narinig mo naman siya, di ba? Ayaw na niya sa 'yo kaya tigilan mo na siya. Hindi ka aso para maghabol sa taong nang-iwan sa 'yo.”

Alam niyang hindi lang para rito ang mensahe niya. Kundi para rin sa kanya. Gayun na lang ang hiling niyang sana ay magawa niya ring sampalin ang sarili. Labis siyang nasasaktan ngayon. At tulad ng binata, kailangan niya ring tanggapin ang mapait na katotohanan.

1

Naiwan si Russel sa kusina nang umalis ang katulong. Ipinaalam lang nito ang pagdating ng isang bisita. Hindi agad siya sumunod. Uubusin niya muna ang brandy na kanina pa niya pinalalamig sa basong may yelo.

“Ang aga-aga, alak?”

Mabilis niyang nailipat ang mga mata mula sa hawak na baso patungo sa kinatatayuan ni Joey. Nang makalapit ay umupo ito sa isang stool na katabi ng kanya.

“You want some?” Inialok niya rito ang sariling baso. Gumaya siya ng iling nang tahimik itong humindi. Nakapinta sa kanyang mukha ang isang tanong, *Ayaw mo?* Nang hindi ito sumagot ay saka niya itinuloy ang pag-inom.

“Si Michelle ang iniisip mo?”

Siya naman ang natahimik. Nasasaktan pa rin siya sa tuwing maaalala ang dating kasintahan.

Para siyang tangang naghabol dito. Akala niya kasi ay siya ang may mali. Akala niya ay siya itong

Three Months Later - Amber Francisco

may pagkukulang. Bulag siya sa pagmamahal sa dalaga, kaya hindi niya nakita ang posibilidad na magloloko ito.

Nalaman niyang buntis ito, pero hindi siya ang ama. Hindi lang pala siya nito basta iniwan sa ere. Ipinagpalit siya nito sa ibang lalaki habang sila ay magkasintahan pa. Talking about *pamamangka sa dalawang ilog!*

Ngayon ay umiinom siya para maagang ipagdiwang ang nalalapit nitong kasal. At least, hindi nito ipinaako sa kanya ang batang hindi rin kanya. Mas pinili nito ang lalaki kaysa sa sariling kahihyan.

She must really love him.

Bumuntong-hininga si Joey. “Iba talaga’ng tama mo sa ex mo. Dapat yata sa ’yo ay sinasapak nang matauhan.”

Bigla siyang natawa. “Siguro nga. Hindi kasi sapat ang isang malutong na sampal para magising ako.”

“What do you mean? Sinampal ka ba ni Michelle?” usisa nito.

Marahang umiling si Russel. Isang mapait na ngiti ang ngayon ay nakaguhit sa mga labi niya.

Three Months Later - Amber Francisco

Naalala niya ang mismong araw na nakipaghiwalay ang dalaga sa kanya.

“It was someone else. She said she was just a concerned citizen.” Mapait din ang tawang pinakawalan ni Russel bago muling uminom. “Sinampal niya ’ko nang subukan kong habulin si Michelle. Dapat pala nakinig ako sa kanya.”

Kumunot ang noo ng kaibigan niya. “Who is she?”

Isang kibit-balikat lang ang nakuha nitong sagot. Pero sa loob-loob niya, gusto niya ring malaman kung sino ang babae.

Maingat na inilapag ni Tanya ang dalawang order ng brewed coffee mula sa dala niyang round tray. Alas ocho ng gabi pa ang duty niya sa call center, kaya magtatrabaho muna siya bilang serbidora sa *Pasta Plaza*.

BS Tourism talaga ang tinapos niya. Pero dahil pahirapan ang makapag-practicum sa airline companies, nag-OJT siya sa hotel. Kalahati ng practicum hours niya ay napunta sa dining kaya maalam na siya sa pagiging waitress. May health certificate din siya at ID na galing pang city hall,

Three Months Later - Amber Francisco

kaya puwedeng-puwede siyang mag-part time bilang food handler. Sanay na rin siya sa trabaho roon dahil madalas siyang on-call kapag weekends.

Kaaayos lang niya ng tayo nang maramdaman ang pares ng mga matang nakatingin sa kanya. Naisip niyang lumingon sa pinakamalapit na mesa. Nang gawin niya ay nakita niya ang isang lalaking nakatitig nga sa kanya.

“Have we met before?” tanong nito sa pagsasalubong ng kanilang mga mata.

Saglit niyang kinilatis ang mukha ng guwapong lalaki. Matangos ang ilong nito, manipis ang mga labi. Singkit, parang Koreano.

Isang ngiti ang iginanti niya. “Regular po ba kayo rito? Pasensya na, Sir, hindi ko po kayo kilala. Part-timer lang po ako, eh.”

“No, that’s not what I mean,” wika nito. Maging ang mga mata nito ay tila nakangiti sa kanya. He seemed to be amused seeing her.

“Po?”

“Don’t mind him,” sabat ng kasama nito sa mesa. Iyon ang medyo pamilyar sa kanya. Madalas niya itong nakikita kapag nandoon siya ng Linggo. “Baka

pumi-pick up line lang itong kaibigan ko.”

Ibinalik ni Tanya ang tingin sa lalaking mukhang Koreano. Pailing-iling ito, mukhang nasiraan ng diskarte. Lihim siyang natawa.

“Sige na, miss,” wika ng pangalawang lalaki. “Tatawagin ka na lang namin kapag may kailangan kami.”

Ngumiti siya. “Sige po, Sir.”

Sumilip muna sa kitchen si Tanya. Sakto at naka-plating na ang binagoongang order ng babae sa table six. Dinala na niya iyon. Palapit na siya sa mesa nang tumayo ang customer. Kinawayan nito ang isang lalaking kapapasok lang ng pinto. Siya naman ay awtomatikong napaligon sa bagong dating.

Biglang nawala ang ngiti niya. Muntik pa niyang mabitiwan ang dalang plato. Kahit likod lang ng lalaki ang nasilayan niya, nakilala niya pa rin ito.

Biglang kumirot ang kanyang puso. Akala niya ay nakalimot na siya. Akala niya ay wala na siyang nararamdaman. Pero iba pa rin pala kapag mismong mga mata na niya ang makakakita.

Totoo ngang may iba na ang dating kasintahan niya.

Nahihikab si Clarisse nang lumabas mula sa pinagsasaluhan nilang kuwarto. Kinamot nito ang ulo, dahilan para lalong gumulo ang mahaba nitong buhok. Sa balikat ay nakasampay ang isang tuwalya. Idinilat nito ang mga mata at lumingon sa direksyon ni Tanya nang marinig ang magaan niyang pagbaba ng tasa sa kahoy na mesa.

“Oh, Tanya.” Maging ang tinig nito ay kinababakasan ng puyat. Hanggang alas nueve ng gabi ang shift nito sa pinapasukang Japanese restaurant sa Makati. “Hindi ka pa natutulog?”

“Kagigising lang,” pagtatama niya. “Umidlip lang ako.” Bumalik siya sa pag-inom ng itim na kape. Naubos na ang *Coffeemate* na binili niya noong nakaraang buwan. Wala naman siyang oras para mag-grocery. Makikisuyo na lang siya rito tatal ay sunod-sunod ang nadadaan nitong mall doon sa Ayala.

Muli itong napakamot. “Linggo nga pala ngayon, ano? May duty ka sa *Pasta*.” Bumuntong-hininga ito. “Huwag mo sanang mamasamain, ah, pero balak mo ba talagang patayin ’yang sarili mo sa pagtatrabaho? Graveyard shift ka sa call center. Nasa *Pasta* ka tuwing weekends. *Avon* dealer ka rin. At walking loading station pa. Aba, daig mo pa ’yong may limang anak

na hiwalay sa asawa, ah.”

Hindi niya pinansin ang sinabi ni Clarisse. Yumuko siya at muling humigop sa lumalamig nang kape.

Lumapit ito, humatak ng silya, umupo, at saka matamang tumingin sa kanya. “Iyong totoo, ’yan ba ang way mo ng pagmo-move on?”

“Clang, uumpisahan mo na naman ba ’ko?” There was a hint of impatience in her voice. Naalala na naman niya si Theo. Nanariwa ang sugat sa puso niya nang makita ito kahapon. Nagpalamon na siya sa galit, pero hindi pa pala napapalitan ng purong pagkamuhi ang damdamin niya para sa lalaki.

Naisuklay niya ang kamay sa maikling buhok. Tulad siya ng ibang brokenhearted, biglang nagpapagupit. Pero sa lumipas na mga buwan ay humaba na kahit papaano ang kanyang buhok. Malapit nang tumakip sa mga mata niya ang ipinaputol niyang bangs.

“Tanya naman kasi. Kahit anong sabi mo, hindi ko makuhang paniwalaang hindi ka na nasasaktan. Halos isang taon din ang itinagal ng relasyon n’yo ni Theo. At tatlong buwan pa lang mula nang iwan ka niya. Sa loob ng tatlong buwang ’yon, magkasama tayo sa kuwarto, pero ni minsan hindi kita narinig

na umiyak. Huwag mo kasing kimkimin. Hindi pa ba sapat na inaabuso mo 'yang katawan mo? Aba, puwede ka ring magkasakit dahil sa sama ng loob, alam mo ba 'yon?"

Isang sarkastikong ngisi ang lumitaw sa kanyang mukha. "Wala sa budget ko maski paracetamol. Bakit ako magkakasakit?"

"Kung makapagsalita ka, akala mo naman mauutusan mo ang katawan mong mamili ng araw kung kailan ka lang puwedeng magkasakit. Ta, kung nasasaktan ka, natural lang na umiyak ka. Hindi naman kita aasarin, eh. Nag-aalala ako sa 'yo sa ginagawa mo. Iyong ibang brokenhearted, umiinom, iyong iba naman kumakain. 'Yong iba nagsa-shopping. Pero ikaw, nagpapakasubsob sa trabaho. Nagpapakamatay ka ba?"

"Iyong mga nagsa-shopping, may pera 'yon," aniyang titig na titig sa tasa ng kape. "Iyong mga nag-iinom o kumakain, may pera din 'yon. Eh, ako, asan ang pera ko? Hindi ba kaya nga 'ko iniwan ni Theo dahil sa wala ako n'on? Dahil sa mahirap lang ako?"

Unti-unting nangilid ang luha ni Tanya. Bago pa iyon mahulog ay inunahan na niya ng punas. Kung sakali, sa loob ng nakalipas na mga buwan ay ngayon pa lang siya iiyak. Na nangyari na nga. Nakatulong

ang paghagod ni Clarisse ng likod niya. Kahit anong pigil niya sa nararamdaman ay kusang kumawala ang maraming luha mula sa magkabila niyang mata.

“Sige lang, iiyak mo. Kahit gaano mo isipin na hindi niya deserve ’yang luha mo, ikaw, deserve mong makalaya sa lahat ng sakit at sama ng loob mo. Huwag mong kimkimin.”

“Clang, kasalanan ko ba?” Panay ang singhot at punas niya sa ilalim ng mata gamit ang kamay. “Kasalanan ko ba kung mahirap ako? Sapat bang dahilan ’yon para ipahiya niya ’ko? Ako ’yong girlfriend niya pero sa iba siya ikakasal. ’Tapos ako pa ’yong huling nakaalam.”

Hindi sumagot ang kaibigan niya. Nagpatuloy lang ito sa paghagod sa kanyang likod.

“Makikita niya,” patuloy ni Tanya, sabay punas sa ilalim ng ilong. Halata ang pagtigas ng kanyang boses, tanda ng pilit niyang pagpapakatatag. “Yayaman din ako. Lalagpasan ko pa ’yong kayamanan nila para wala na silang masabi.”

“Sandali.” Inalis nito ang kamay sa likod niya. “Huwag mong sabihing ginagawa mo lahat ng ’yan para kay Theo? Balak mo bang magpayaman para maibalik mo siya sa tabi mo?” Sa tono pa lang ni

Clarissa ay alam niyang tutol na ito sa inakala nitong plano niya.

Mabilis siyang umiling para pabulaanan ang hinuha ng kaibigan. “Bakit ako maghahabol sa lalaking hindi alam ang tunay na halaga ko? Gagapang siya sa harap ko, pero hinding-hindi na ’ko babalik sa kanya. Bibilhin ko ang buong pagkatao niya pati ang kaluluwa niya, pero itatapon ko lang din siya.” May himig ng purong pagkamuhi sa kanyang tinig. “Kapareho ng ginawa niyang pagtapon sa ’kin three months ago. Ako naman ang magpaparamdam sa kanya na hindi kami magka-level.”

Nakatango nitong ibinalik ang kamay sa balikat niya. “Tama ka. Hindi siya kawalan. Kaya tumahan ka na, huwag ka nang umiyak.”

Pero hindi na niya magawang pigilin ang kanyang luha.

Gumala ang mga mata ni Russel sa paligid. Maganda ang interior ng *Pasta Plaza*, pero hindi iyon ang dahilan. Hindi rin iyon ang una niyang beses sa restaurant na pag-aari ng kaibigan niya. Ang totoo ay ninanakawan niya ng tingin ang bawat serbidorang natatanaw. Pumunta siya roon para hanapin ang

babaeng nakita kahapon. Hindi na niya isinama si Filo at baka sirain na naman nito ang diskarte niya.

Pamilyar talaga sa kanya ang babae. Hindi siya puwedeng magkamali. Kahit buwan na ang lumipas, alam niyang ang babaeng iyon ang sumampal sa kanya sa labas ng coffee shop. How could he forget her?

Determinado ang mukha nito. Bahagyang namumula ang mga mata pero hindi mugto. Hindi niya noon masiguro kung naiiyak ba ito o addict lang talaga. But it seemed to be the former. Malalim ang hugot nito.

“Hindi ka aso para maghabol sa taong nang-iwan sa ’yo.” Muli ay naglaro sa isipan niya ang galit nitong boses. Pakiramdam niya noon ay sinesermunan siya. *“Dinurog na nga ’yong puso mo, gusto mo pati utak mo itatapon mo pa,”* may katuwirang dagdag nito.

“Sino ka ba? Bakit ka ba nakikialam?”

“Concerned citizen lang ako. Isang taong may puso at marunong maawa sa ’yo. Hindi kagaya ng ex mo na para lang sa kalayaan niya, kukuwestyunin pa ’yang nararamdaman mo. Kung talagang mahal mo siya, ibibigay mo ’yong kalayaan niya? Obvious namang baliw ka sa kanya. Eh, ikaw, minahal ka ba niya?”

“Don’t speak like you know her,” pagtatanggol niya kay Michelle.

“Huwag kang tanga. Hindi ka basurang itinapon sa kanal para bumalik sa kanya once na bumagyo at bumaha. Huwag mong ibaba ang sarili mo sa level na ’yon.”

Natawa si Russel sa naalala. Back then, he thought she was preaching nonsense. Hindi niya ito pinakinggan. Pero kataka-takang tumatak pa rin sa isipan niya ang bawat sinabi nito. Napakadali sa kanya ang magbalik-tanaw sa nangyari.

Muli niyang iginala ang mga mata sa paligid. Magtatanong na lang siya tungkol sa babae. Patawag na sana siya sa malapit na waiter nang mamataan ang isang balingkinitang wait staff. Dala nito ang isang pitsel ng tubig nang maglakad patungo sa dikalayang mesa.

Pinanood niya ang babae sa ginagawa nitong pagsalin ng malamig na tubig sa water goblet ng bagong dating na customer. Isa pang waiter ang lumapit doon para magbigay naman ng menu.

Napangiti siya nang masilayan ang mukha nito. Nakita na niya ang hinahanap.

2

“Yes, Sir?” panimula ni Tanya nang makalapit sa pamilyar na lalaking tumawag sa atensyon niya. Natatandaan niya na ito. Ito ang lalaking nagtanong sa kanya kahapon kung nagkita na ba sila.

Si Mr. Russel Tejano. Nabanggit sa kanya ni Ashley na kaibigan ito ni Chef Lawrence. Hindi natatapos ang isang linggo na hindi ito naghahapunan doon. Malabo ngang magkita sila. Pagdating ng alas seis ay umaalis na siya para dumerecho sa call center.

“Oorder na po ba kayo?” tanong niya rito. Guwapong-guwapo ito, ang bango pa!

Ayaw niyang mag-assume pero hindi niya mapigilan. Something was telling her he came for her. Aba’t kahapon lang ay balak pa siya nitong tapunan ng banat.

Huwag ambisyosa, Ta, saway niya sa sarili. Sa laki at itim ng eyebags mo? Ang ganda mo, ah!

Itinukod ni Russel ang mga siko nito sa mesa, pinagdaop ang mga palad at matiim siyang tiningnan sa mga mata. Bigla naman siyang na-conscious kaya wala sa oras na napayuko siya.

“Can I order you?”

“Ha?” Agad niya ring naibalik ang tingin sa kausap. Alam niyang may sinabi ito, pero parang mali ang dinig niya.

“I asked if I can order you,” ulit nitong nagpataas ng kilay niya.

Mukhang tama ang hinala niyang pumunta ito roon para magpapansin sa kanya. Pero hindi niya mahanap sa katawan ang kilig. Bastos ang dating nito sa kanya.

“Excuse me?” nagpipigil niyang tugon. Hindi naman siya nagtatrabaho sa nightclub para orderin lang. Kaya gayon na lang ang kagustuhan niyang sapakin ang pagmumukha nito. Pinanlisikan niya ito ng mata.

Sa halip makaramdam ay ngumiti pa ang loko! Hinatak nito ang katabing silya para sa kanya. “Have a seat. I really want to speak with you.”

Hindi na niya napigilan ang sarili at pinamaywangan ito. “Sorry, Sir but did you ask me if I wanted to speak with you?”

“Why won’t you?” ganting tanong nito. “Hindi ba’t ikaw pa nga ang naunang lumapit sa ’kin?”

Three Months Later - Amber Francisco

Literal siyang nanliit nang tumayo ito. Dalawang pulgada na ang takong ng kanyang sapatos, pero hanggang dibdib lang siya ng lalaki. Inilayo niya ang sarili nang ilapit nito ang mukha sa kanya.

“L-lumapit lang ako kasi tumawag ka.”

“That’s not what I’m talking about,” sagot nitong derecho ang tingin sa kanyang mga mata. “We’ve met before. Hindi kita masisisi kung hindi mo na naaalala. Kahit naman ako, hindi agad kita natandaan. But silly me, paano kita nagawang makalimutan? Ikaw ang unang babaeng sumampal sa ’kin.”

Nanlaki ang mga mata ni Tanya. Luminga siya sa paligid. Sa lakas ng boses ng binata, alam niyang marami ang nakarinig dito. Nahuli pa niya ang ibang serbidor na nakatingin sa kanila. Nakaguhit sa mukha ng mga ito ang pagtataka sa narinig.

“Sir Russel, may problema po ba?”

Lalo siyang kinabahan nang dumating si Luis.

Kaswal itong ngumiti sa dining manager saka bumalik sa kinauupuan. “There wasn’t any problem here. Anyway, nand’yan ba si Lawrence?”

“Wala pa po si Chef. Baka after lunch pa siya makadaan.”

“I see. Babalik na lang pala ako mamaya.” Saglit siyang binigyan ng makahulugang tingin ng customer nila. “There are some things we need to talk about.”

Iyon lang at tumayo na ito saka umalis. Ang dalaga naman ay bumuntong-hininga na lang nang senyasan ng dining manager patungo sa maliit nitong opisina.

Dala ang pula niyang *JanSport*, parang kuba na kung maglakad si Tanya nang lumabas sa employees’ locker. Pagod siya, pero hindi iyon ang dahilan niya para manlumo. Ilang oras na naglaro sa isip niya ang pang-i-interrogate sa kanya ni Luis.

Ayaw nitong maniwalang hindi niya kilala si Russel, at lalong hindi niya ito sinampal. Pero mabuti na rin at ito lang ang naroon. Kung si Chef Lawrence ang nasa dining at siyang nakarinig sa sinabi ng baliw na lalaki, baka hindi na siya makabalik sa *Pasta Plaza*.

Sana lang hindi na makarating kay Chef ang maling balita!

Natapos ang kanyang six-hour shift, pero hindi dumating ang kanilang boss. Hindi na rin bumalik si Russel.

Hindi pa siya uuwi. Sa halip ay dederecho siya sa sunod niyang trabaho. Kapag Sabado at Linggo ay idlip sa bus lang ang pahinga niya. Bumuntong-hininga siya. Na para bang sa gayong paraan ay mababawasan ang iniinda niyang puyat at hapo.

Ang laki ng hikab niya nang makalabas sa restaurant. Agad iyong nawala nang may maramdaman. May nakatingin sa kanya. Nang ibalik niya ang tingin sa likuran ay nakita niya ang isang lalaki.

Si Boy Sayad na naman?

Wala siyang pakialam kung kasingguwapo nito ang pangalan. Basta, iyon ang gusto niyang itawag sa lalaking hindi niya alam kung papansin lang ba o ipinanganak para sirain ang pangalan niya. Buti sana kung sikat siyang artista para gawan ng issue!

Pinigilan niya ang pag-ikot ng mga mata. Nakaguhit sa manipis nitong mga labi ang isang di-mapagkakatiwalaang ngiti. Still with that kind of smile, he started walking toward her; his hands were inside his jeans' pockets.

Pumalatak si Tanya. Kahit kailan ay hindi niya natipuhan ang mga lalaking pulos ere. Hindi niya nga malaman kung bakit hinintay niya pa itong

makalapit.

“I’ve been waiting for you,” anito.

Speaking of presko!

She smirked. “Ano ba’ng problema mo?” Tumaas pa ang kilay niya. Tapos na ang duty niya. Hindi na siya nakauniporme. Wala na rin sila sa loob ng restaurant. Sa madaling sabi, hindi na siya waitress at hindi ito customer. Kaya puwede na niya itong sagutin.

“Excuse me?”

“Excuse me ka d’yan! Bakit, dadaan ka?” Tumabi nga siya at binigyang-daan ito. “O, ayan. Sige, dumaan ka na. Lumarga ka na. Alis! Layo! At huwag ka nang babalik pa!”

Sa halip na humakbang ay pinagtawanan lang siya nito. “Ganyan ka ba talaga makipag-usap sa mga kaibigan ng boss mo?”

Saglit siyang natigilan. Ipinikit niya ang mga mata at pinilit kalmahin ang sarili. Kaibigan nga pala ito ni Chef Lawrence. Kapag may sinabi itong hindi maganda, tiyak na laglag na talaga siya. At aminin niya man o hindi, ito lang din ang makatutulong sa kanyang linisin ang pangalan niyang ito rin ang

sumira.

Sa madaling sabi, kailangan niyang makipagplastikan dito.

Pagdilat niya ay binigyan niya ito ng matamis na ngiti. “Kayo naman, Sir, hindi na kayo mabiro!” Hinampas niya ito sa braso. Sinadya niyang lakasan para kahit paano ay makaganti siya.

“That was a joke?” Nagpakawala ito ng pekeng tawa, dahilan para maasar na naman siya. “Your kind of humor is literally a pain!”

Gumanti ito ng hampas sa balikat niya. Malakas, na halos tumumba na siya.

Tumawa na lang din siya. “Hindi naman, Sir! Anyway, kung magtatawanan lang pala tayo, baka puwedeng mauna na ’ko kasi marami pa ’kong gagawin, eh.”

Agad nawala ang pilit niyang ngiti nang talikuran ito. Umikot pa ang mga mata niya.

“Tek!” Hinawakan siya nito sa braso para pigilan.

Siya naman ay napipilitang humarap dito. Nakangiting-aso na naman siya. “Bakit, ano ’yon?”

“I told you I was waiting for you. Gusto mong mag-coffee?”

Hindi na niya napigilan at tuluyan siyang napangiwi.

May tama yata talaga sa 'kin ang isang 'to, eh!

“Sorry, ha? May trabaho pa kasi ako.” Muli ay tinalikuran niya si Russel nang hindi naghihintay ng sagot.

“Tekang lang!” Humabol na naman ito. Sa pagkakataong iyon ay nakipagpatintero na ito sa kanya. “Trabaho? May iba ka pang trabaho bukod dito?”

“Sa call center. Part-timer lang ako diyan.” *Pero dahil sa ginawa mo, baka hindi na 'ko ulit makapasok!*

“Cool!” nakatangong turan nito. “Saan ka? Ihahatid na kita.”

“Hindi na. Nakakahiya naman sa inyo... *Sir.*” Lalagpasan niya na sana ang kausap, pero umulit ito sa pagharang sa daraanan niya.

“I insist.” Bakas sa mukha nito ang determinasyon.

Na asarin ako. Buwisit!

“Bakit ba ang kulit mo?” Hindi na niya napigilan

ang sariling magalit.

“Hindi ako makulit. Nagmamagandang-loob lang ako,” katuwiran nito.

Umikot ang mga mata niya. Talaga yatang ipinanganak ang nilalang na ito para sirain ang buhay niya. Kapag hindi pa siya umalis ay baka mahuli na siya sa trabaho. Palagi pa namang mabigat ang daloy ng trapiko sa Cubao.

“Puwes, tatapatin kita. Hindi ko gusto ang pagmamagandang-loob mo.”

“Nakikita ko nga. Bakit ba?”

Parang gustong bumagsak ng panga ni Tanya sa tanong nito. Lalo na sa suot nitong ekspresyon. Para itong walang kamalay-malay sa kahihiyang inabot niya kanina.

“At nagtanong ka pa talaga? Pagkatapos mo ’kong ipahiya kanina. Pagkatapos mong gumawa ng kuwento—”

“Excuse me?” sabat nito. “Ako, gumawa ng kuwento? Kailan? Hindi ako pinalaking sinungaling, okay?”

“Kung hindi ka sinungaling, eh, ano ’yong sinabi mong sinampal kita? Kailan ko ginawa ’yon?”

Three Months Later - Amber Francisco

Tumawa lang ito. “You really don’t remember me?” Humawak pa ito sa dibdib. “Ouch!”

“May topak ka ba talaga?” kunot-noong tanong niya. Oo man ang sagot nito o hindi, wala na siyang pakialam. Pumihit na siya patalikod dito.

“Sandali! Tungkol nga d’on ang gusto kong pag-usapan natin,” habol nito, pero hindi na siya lumingon pa. Sa halip ay binilisan niya ang lakad.

Mabuti naman at hindi na sumunod pa ang lalaki.

“Dude! Ang ganda ng ngiti natin, ah.” Nakalibre ng suntok si Joey sa balikat ni Russel bago umupo sa bakanteng puwesto sa harap ng bar counter.

“Mang-aasar ka lang, kailangan pang manakit?” biro niya. Binitiwang niya sandali ang malamig na bote ng beer. “Balita?”

“Ikaw! Ano’ng balita? Noong isang araw lang bagsak ’yang mukha mo, ngayon hanggang tenga iyang ngisi mo. Bakit, nakarma na ba si Michelle?”

Natatawa siyang umiling. “Is my whole world revolving around her?”

“Bakit, hindi ba?” pang-aasar pa nito. “Wait a

Three Months Later - Amber Francisco

minute, wait a minute! Parang malaman ang sinabi mong 'yon, ah! Don't tell me you've gotten over her? Naks, sa wakas!" Tinadtad na naman nito ng pabirong suntok ang balikat niya.

"Sira! Matagal ko nang tanggap na hindi na babalik sa 'kin si Michelle. And having that said, I thought it's time that I move on and find someone else." Hindi maalis-alis ang ngiti ni Russel, kahit nang sandaling magtama ang mga labi niya at ng iniinumang bote.

Nalukot ang noo ng kaibigan niya. "Are you seeing someone right now?" usisa nito.

"Not yet," tipid niyang sagot.

"Not yet, as in wala ka pang nakikitang kapalit ni Michelle. Or not yet as in you're not dating your new special someone yet?"

Tumawa siya. "Special someone agad?"

"Russel, pare, alam ko 'yang ngiting 'yan, eh! Kilala kita. May pinopormahan ka na, ano!"

Umiling siya. "No. It's nothing like that. I only had her name. At sa ibang tao ko pa nakuha. Ang suplada niya, hindi makausap nang maayos."

"So, meron nga?" Lumapad ang ngiti nito. "Sino?"

Saan at paano mong nakilala?”

“You remember the girl I told you about two days ago?”

Mabilis itong umiling. “Who?”

“Iyong babaeng sumampal sa 'kin!”

Nanlaki ang mga mata nito nang maalala ang ikinuwento niya. “You've met her?”

Nakangiti siyang tumango. “It's a small world! Waitress siya sa isa sa mga resto ni Lawrence.”

“Talaga?” Bakas sa tono ni Joey ang pagkamangha. “Small world nga. Teka... hindi na coincidence 'yan! Mukhang tadhana na ang gumagawa ng paraan para magkrus ang mga landas n'yo.”

“That's my exact, same thoughts!” pag-amin niya.

“Naku, baka siya na ang soulmate mo!”

“Soulmate?” Noo naman niya ang kumunot. “No thanks. She's not even my type. Kung hindi ko lang talaga siya nakilala, hinding-hindi niya makukuha ang pansin ko.”

“Bakit, pangit ba?”

Umiling si Russel matapos alalahanin ang hitsura

Three Months Later - Amber Francisco

ni Tanya. “May malaki siyang eyebags, hindi siya maputi, payatot din siya, pero hindi naman siya pangit. Average lang. But she really isn’t my type. Mas lalaki pa sa ’kin kung pumorma. Alam mo naman ’yong uniform nila sa *Pasta*, di ba? She looked good in skirt and heels. Pero pagkatapos ng shift niya, naka-t-shirt at jeans na lang siya. Naka-sneakers pa. And, dude, ’yong pantalon niya, hindi man lang skinny. Parang panlalaki nga yata.”

“Naka-t-shirt?” ulit nitong may kakaibang ngiti.

“Oo,” sagot niya.

“Naka-jeans? Na panlalaki?”

“Oo rin,” tugon niya.

“At naka-sneakers?”

“Oo nga.” Saglit siyang natawa sa naalala. “Neon green pa nga.”

“Natandaan mo lahat ’yon, ’tapos hindi mo type?”

Biglang nawala ang ngiti ni Russel. Doon pala ang bagsak ng usapan! Sa walang hanggang panunukso nito.

“Hindi nga!” kastigo niya. “Porque natandaan ko, type ko na agad siya? Hindi ba p’wedeng matalas

lang talaga ang memorya ko?”

“Sige, pare, s’abi mo, eh. Pero kilala kita. ‘Yang ganyang ngiti? Hindi lalabas ‘yan nang walang dahilan! Pati ‘yang kislap ng mga mata mo. Alam kong may ibig sabihin ‘yan. Sa tagal na nating magkakilala, kabisado ko na bawat liko ng isaw mo!”

“Fine, fine!” pagsuko niya sa kababata. “Siguro nga. Siguro nga gusto ko siya.”

Bigla siya nitong dinuro. “See? I told you!”

“But not as a woman,” paniniguro niya. “Siguro natutuwa lang ako sa kanya. I mean, she was cool and all. She’s tactless, loud. But she’s only being herself. No pretentions. She’s honest and direct to the point. She’s cool. To sum it up, she’s one cool chick.”

“Just not chic,” biro nito.

“Yeah. Not chic,” segunda niya bago binalikan ang sariling alak.

“Pero hindi mo talaga type?” hirit ng kaibigan.

“Ang kulit mo!” tawa niya. “Hindi nga!”

Totoo. Hindi ang tulad ni Tanya na baduy at taklesa ang tipo niya. He wanted his girl soft, gentle, and reserved. Kaya bakit dismayado siya nang

malamang wala itong duty sa *Pasta* nang pumunta siya kinabukasan?

Frustrated na napakamot ng ulo si Tanya nang matapos ang ginagawang computation sa maliit niyang notebook. Hindi naman siya palagasta, pero napakaliit pa rin ng naiipon niya.

Balak niya pa namang mag-franchise ng *Pasta Plaza* kapag may sapat na siyang pera. Para kabig na lang siya nang kabig nang hindi gaanong napapagod. Kahit naman hindi siya regular employee sa restaurant ay alam niyang *hayahay* ng buhay ni Lawrence. Madalas itong wala, hindi lang dahil abala sa ibang branch. Sadyang marami itong pera, kaya paroo't parito na lang sa iba't ibang bansa.

Ang sarap ng buhay niya. Kung alam kong iiwan lang ako ni Theo, sana pinatulan ko siya noong nagpapalipad-hangin pa!

Pumalatak na lang siya sa naisip. Balita niya ay maya't maya kung magpalit ito ng babae. Mas malala pa ito sa ex niyang nagtago sa saya ng nanay nang hiwalayan siya.

Mga mayayamang iba't iba ang sayad!

Three Months Later - Amber Francisco

Nalingat siya sa cellphone nang may mag-text. Si Ashley, anito:

Hinahanap ka ni Sir Russel. Ayiie ano meron?

“Isa pa ’to!” galit na sambit niya. “Ano ba sila! Kung hindi matapobre o babaero, may saltik naman!”

“O, sino ang kaaway mo d’yan?” tanong ni Clarisse nang lumabas ng kuwarto. “Maggo-grocery nga pala ako. May ipapabili ka ba?”

Bumuntong-hininga si Tanya. “Sabon lang. Saka shampoo. Ah, bareta na rin pala.”

“Bareta?” Gumuhit ang pagtataka sa mukha nito. “Aanhin mo ang bareta, eh, may washing machine tayo.”

“Alam mo ’yang washing na ’yan, malakas sa kuryente at tubig. Nagtitipid nga ako, di ba? Magha-handwash na lang ako. Kapag bumaba ’yong konsumo’t bayarin natin, ’ta mo, magpapasalamat ka pa sa ’kin!”

“Sus! Nakatipid ka nga ng mamiso, nagsugat naman ang kamay mo. Talo ka pa sa labor. ’Nga pala...” Dagli itong lumapit at humatak ng silya patabi sa kanya. “Kumusta ang ipon?”

“Nganga!” walang gatol niyang sagot. Halos sa

Three Months Later - Amber Francisco

panggastos lang napupunta ang kinikita ni Tanya sa call center. Ang ini-extra niya naman sa *Pasta Plaza*, pandagdag lang sa pang-maintenance medicines ng may-edad niyang ama sa Bacolod. Mabuti nga't wala siyang kapatid na kailangang paaralin. Maganda rin ang maging nag-iisang anak.

Hindi rin malaki ang nakukubra niya sa pagiging dealer ng *Avon* lalo't minsanan lang siya makahanap ng mabebentahan. Maliit lang din ang tinutubo niya sa pagbebenta ng load.

“Ayoko na. Tataya na lang ako sa lotto. Baka maging milyonaryo pa 'ko.”

“Hayun!” Umiling si Clarisse. “Kaya pala ayaw nang gumamit ng washing machine. Alam mo, kung ako sa 'yo, kalimutan mo na lang 'yang higanti-higanti chorva mo. Tatal hindi rin maganda 'yong nagtatanim ka ng sama ng loob sa kapwa mo, eh. Palipasin mo na lang.”

“Wow, preach!” Pinanlakihan niya ng mga mata ang kausap. “Support naman, friend. Parang kahapon lang s'abi mo tama lang 'yong iniisip ko, ah?”

“Ta, ang sinabi kong tama ay iyong umiyak ka't ilabas ang sama ng loob mo. Pero ang gumanti, hindi ko approved iyon, ano! Masunog pa ang kaluluwa

mo sa impyerno, eh. Ikaw din!”

Bumuntong-hininga si Tanya, sabay sandal ng likod sa silya. “Sa bagay. Nai-stress na rin ako sa kalokohan ko, eh. Mahirap sumabak sa giyera nang walang funds. Eh, kung maghanap kaya ako ng sugar daddy na magpopondo sa kagagahan ko?” biro niya.

Gayun na lang ang pag-aray niya nang batukan siya ng kaibigan.

“Timang! Eh, di para mo na lang ding pinatunayang tama ’yong bintang sa ’yo ng nanay ni Theo. Na manggagamit ka. At saka, hello? Saan ka naman hahanap ng 4M na mabibiktima mo?”

“4M?” Nagsalubong ang mga kilay niya sa pagkalito.

“4M!” ulit ni Clarisse saka siya tiningnan na parang siya lang sa mundo ang hindi nakakaalam ng ibig sabihin niyon. “Matandang mayamang madaling mamatay.”

Napangiwi siya. “Wow! Kapag kailangan ng pera, matanda agad?”

“Natural! O mas gusto mo maging kabit ng pulitiko? Sa laki ng eyebags mo? Buti nga kung may masungkit kang sugar daddy, eh.”

Three Months Later - Amber Francisco

Inirapan niya ang kaibigan. “Oo na, oo na. Ang bait ko kasi, eh. I don’t have the makings of a kabit. Isusubsob ko na lang ulit ang mukha kong may malalim na eyebags sa trabaho. ’Tapos hindi ako kakain, ’tapos titira na lang ako sa kalsada, ’tapos itatakwil ko ’yong mga magulang ko sa probinsya para yumaman na ’ko!”

“Hay, ewan ko sa ’yo!” Napakamot na lang ng ulo si Clarisse. “Tutal mamaya pa naman ang pasok mo, samahan mo na lang ’kong mag-grocery. Baka kapag lumamig ’yang ulo mo, eh, magbago ang isip mo.” Nauna na itong tumayo. “Tara.”

“Ayoko. Wala akong pamasahe,” nakangalumbaba nang saad niya.

“Diyos ko naman!” Pinanlaxhan siya nito ng mga mata. “Sige na, sagot ko na ang pamasahe mo. Samahan mo lang ako. Para makapamilya ka ng gusto mong bareta.”

“Sige, sasamahan na kita. Baka umiyak ka pa, eh,” biro niya. Tumayo siya at naglakad papunta sa kuwarto. “Magpapalit lang ako. Baka may makita akong 4M na papatol sa ’kin.”

“Asa ka pa!” sigaw nito bago siya tuluyang makapasok sa silid.

Three Months Later - Amber Francisco

Saglit lang silang nag-ikot sa grocery. Halos pulos toiletries ang laman ng cart nila nang pumila sila sa cashier. Mayroon ding instant noodles at mga de-latang pagkain. Sa palengke lang sila bumibili ng gulay at karne.

“Ta, wait lang, ah. Nakalimutan ko palang kumuha ng kape,” wika ni Clarisse matapos i-check ang laman ng kanilang pushcart.

“Sige lang. Matagal pa naman ’tong pila, eh,” sagot niya bago nito nagmadaling umalis.

Habang naghihintay sa pila, inaliw ni Tanya ang mga mata sa pagtingin ng mga produktong naka-display sa malapit na stand. Pulos toothbrush at razor. Kung hindi man ay mga tsokolate ang naroon.

Hindi siya mahilig sa tsokolate at iba pang matatamis. Mas gusto niya pang kumain ng manggang hilaw at bagoong. O kaya ng bagong lutong kwek-kwek na may kasalong tinadtad na pipino sa bowl ng may timplang suka.

Sunod na napabaling ang mga mata niya sa malapit na magazine stand. Isang particular magazine ang pumukaw sa kanyang atensyon. Hindi ang mismong babasahin kundi ang nakangiting lalaki sa cover nito. Si Russel. Sa ibaba ng larawan nito ay

ang caption:

YOUNG MEETS TIME-TESTED: C2C PUBLISHING WELCOMES NEW CEO

“CEO?” Hindi niya napigilang magtaas ng kilay matapos damputin ang naka-plastic pang *Entrepreneur* magazine. “Bigatin pala ’tong Boy Sayad na ’to, ah. Teka... *C2C Publishing*?” Gayon na lang ang pagkalukot ng noo niya nang may bagay na maalala.

“Hoy, natulala ka dyan!”

Nawala siya sa iniisip nang tapikin siya ni Clarisse sa likod. Dala na nito ang isang 100 grams pack ng binibili nilang instant coffee.

“Ano ba ’yan, parang hindi man lang gumalaw ang pila!” reklamo nito bago mapansin ang hawak niya. “O, ano ’yan? Kailan ka pa nahilig bumili ng magazine?”

Kinuha nito ang hawak niya at tiningnan.

“Uy, sino ’to? Pogi, ah.” Binasa nito ang caption bago muling napaharap sa kanya. “*C2C*? Teka, under n’on iyong *Glamorosa*, di ba? Iyong pinagtatrabahuhan ni Theo?”

Marahan siyang tumango. “Clang, naaalala mo iyong napag-usapan natin kanina?”

Tumaas ang kilay nito. “Alin? Tungkol saan?”

Inagaw niya ang magazine mula sa kamay nito. Titig na titig siya sa cover nang sumagot. “Sa paghahanap ng mayamang lalaking huhuthutan ko ng pondo pangganti kay Theo?”

Binigyan lang siya ng masamang tingin ng kaibigan. “Bakit, ipu-push mo na? Don’t tell me target mo ang lalaking ’yan?”

Tumango siya nang ngumuso ito sa hawak niyang magazine.

“Naku, ’te! Sinabi ko na sa ’yo, tantanan mo na ’yang kalokohan mo. Revenge is not good for your health. At asa kang mapansin ka niyang lalaking ’yan. Bakit, balak mong rumampa sa main office nila?”

Nakangiting umiling si Tanya. “Hindi ko na kailangang magpapansin.” Binigyan niya ng isang makahulugang tingin ang kausap nya. “Kilala ko ang lalaking ’to. And FYI lang, siya itong nagpapapansin sa ’kin. Ngayong iniisip ko, hindi kaya pinagtagpo talaga kami ng tadhana? Hindi kaya sign na ’to na dapat ko talagang i-push ang plano ko? Baka pinadala talaga siya sa ’kin ng langit para tulungan ako!”

Nanlalaki ang mga matang napailing si Clarisse, hindi makapaniwala sa plano niyang ituloy ang

masamang balak. “Baliw ka talaga, ano! Idinamay pa ang langit? Maigi pa, ipagpasa-Diyos mo na lang ’yang bitterness mo. Ikaw rin, baka karmahin ka.”

“Alam mo ba kung ano talaga ang konsepto ng karma?” naniningkit na tanong niya.

“O?”

“What you give is what you get. No more, no less. Eh, bakit ako, binigay ko naman ’yong buong puso ko kay Theo pero ito ang napala ko. ’Tapos siya, ginago lang ako pero ang saya-saya ng buhay sa bago niyang jowa. Nakita ko pa sa *FB* ’yong maganda nilang wedding invitation. Nas’an ang karma d’on? Missing in action, di ba? Kaya hindi totoo ’yang karma-karma na ’yan!”

“Ay naku, ewan ko sa ’yo. Sinabi na kasing i-block mo na si Theo sa *Facebook*, eh.”

“Ayoko nga! I need to spy on him, ano!”

“Ewan ko sa ’yo!” Napakamot na lang ito ng batok. “Bahala ka sa buhay mo. Malaki ka na, and as if magpapapigil ka, di ba?”

“Talaga!” matapang niyang sagot saka itinulak paabante ang cart nila. Sila na ang susunod na magbabayad.